



CLEAN AIR. CLEAR LUNGS.

Not all workplace hazards are visible

Pagmamanupaktura: Paglanghap ng peligrosong hangin sa trabaho

Ang mga proseso ng trabaho sa pagmamanupaktura ay maaaring maglabas ng di-nakikitang alikabok, gas, usok at singaw sa hangin.

Ang paglanghap sa mga ito ay maaaring makapinsala sa baga at humantong sa malubhang pangkalusugang kalagayan katulad ng hika, o mga sakit gaya ng kanser sa baga.

Sa industriya ng pagmamanupaktura, ang mga manggagawa ay maaaring malantad sa alikabok, gas at mga singaw, halimbawa, sa pamamagitan ng:

- mga sangkap sa pagmanupaktura ng pagkain katulad ng alikabok mula sa arina
- alikabok mula sa pagmamanupaktura ng kahoy at tela
- mga usok ng pagwewelding mula sa pagmamanupaktura ng metal at makinarya
- mga singaw sa pagmamanupaktura ng goma at kimiko, gaya ng mga pataba, pamatay-salot (pesticide), mga produktong panggamot at panglinis

Kung ikaw ay isang tagapag-empleyo, mayroon kang legal na responsibilidad sa ilalim ng mga batas ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Work Health and Safety) na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng iyong mga manggagawa at ng iyong sarili.

Ibig sabihin, dapat mong gawin ang lahat ng makatwiran mong makakaya upang alisin at pamahalaan ang mga panganib sa paglanghap ng peligrosong hangin sa trabaho.

Alamin ang mga peligro

Ang mga alikabok, gas, usok at singaw ay mga peligro na maaaring makapinsala sa iyong mga manggagawa.

Ang unang hakbang upang maprotektahan ang mga manggagawa ay alamin kung nasaan ang mga peligro sa inyong lugar ng trabaho. Ito ay bahagi ng iyong tungkulin sa pangangalaga (duty of care) upang matiyak na ang iyong mga manggagawa ay hindi nalalantad sa mga panganib na pangkalusugan at pangkaligtasan.

Hindi lahat ng mga peligro sa lugar ng trabaho ay nakikita. Kadalasan, ang mga alikabok, gas, usok at singaw ay hindi nakikita ngunit ang paglanghap sa mga ito ay maaaring maging sanhi ng malubhang mga sakit sa baga.

Sundin ang mga hakbang na ito upang tulungang alamin kung ang iyong mga manggagawa ay lumalanghap ng peligrosong hangin:

- Suriin at i-monitor ang inyong lugar ng trabaho at kung paano isinasagawa ng iyong mga manggagawa ang kanilang trabaho
- makipag-usap sa iyong mga manggagawa
- makipag-usap sa hanay ng iyong mga taga-suplay at network tungkol sa ginagamit ninyong mga produkto
- repasuhin ang impormasyon mula sa mga tagapangasiwa ng kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, mga samahang pang-industriya, at mga propesyonal ng kaligtasan





CLEAN AIR. CLEAR LUNGS.

Not all workplace hazards are visible

Pamahalaan ang mga panganib

Kung ang iyong mga manggagawa ay nalalantad sa alikabok, gas, usok at singaw, dapat kang magpairal ng pangkontrol na mga hakbang. Ibig sabihin, magsagawa ng mga aksyon na mag-aalis o magbabawas ng mga panganib sa kalusugan at kaligtasan, hangga't praktikal na maisasagawa.

Ang pinaka-epektibong pangkontrol na hakbang ay ang pag-aalis ng peligro at ang kaugnay na panganib nito.

Kung hindi mo makayang alisin ang peligro, protektahan ang iyong mga manggagawa laban sa paglanghap ng alikabok, gas, mga usok at singaw sa pamamagitan ng pagpapairal ng mga pangkontrol na hakbang. Ilang mga halimbawa ang:

- paggamit ng mga sangkap na may mga stabiliser upang mabawasan ang paglabas ng mga usok at singaw
- paggamit ng mga cupboard para sa usok
- pagpapatupad ng mga proseso upang mabawasan ang alikabok, mga usok at singaw
- pagsunod sa mga polisiya at pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan
- pagbibigay sa mga manggagawa ng mga face mask na angkop at nakaakma nang wasto

Pagmonitor at pagrepaso

Kailangan mong i-monitor at repasuhin ang inyong pangkontrol na mga hakbang upang tiyaking epektibo ang mga ito. Dapat mong repasuhin ang pangkontrol na mga hakbang:

- kapag hindi epektibong nakokontrol ng mga ito ang panganib
- bago gumawa ng pagbabago sa inyong lugar ng trabaho na malamang lumikha o magdagdag ng panganib
- kung may malalamang bagong peligro o panganib
- kung ang pagkonsulta sa iyong mga manggagawa ay nagpapahiwatig na kailangan ang pagrepaso, o
- kung hihiling ng pagrepaso ang isang kinatawan ng kalusugan at kaligtasan

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho at mga sakit sa baga mula sa hanapbuhay, pumunta sa website ng Safe Work Australia: swa.gov.au/clearlungs

Maaari ka ring makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa:

- iyong pampamahalaang tagapangasiwa ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho
- mga samahang pang-industriya
- mga propesyonal ng kaligtasan

